



## Mga pagbabago sa pagsumite ng inyong Bid Offer sa Sealed Public Auction Tranche 208 sa ilalim ng Alert Level 1:

1. Sagutan ang **Registration form** at ang **Offer to Bid forms** (malinaw ang pagkakasulat upang maayos na *ma-encode* ang inyong registration sa aming system). Ang mga nasabing *forms* ay inyong makikita sa aming *website* sa [www.pagibigfund.gov.ph](http://www.pagibigfund.gov.ph) (click Properties for sale - Public Auction with discount – NCR Branch **Tranche 208** at i-click ang “**click here to open complete details**”). I-print ang mga nasabing *forms* sapagkat walang *forms* ang ipamimigay sa mga *Pag-IBIG Offices*. Basahin sa nasabing *website* ang mga panuntunan sa pagbili ng mga *acquired assets* o anumang *announcement, erratum for correction or exclusion* kung mayroon man.
2. Ilagay sa unang puting sobre na may *label* na **REGISTRATION** ang nasagutan na **Registration Form**.
3. Ilagay sa isa pang hiwalay na selyadong puting sobre na may *label* na **BID OFFER** ang mga sumusunod:
  - 2 Offer to Bid forms (**Individual OTB** para sa mga individual na bidder o **Juridical OTB** para sa company bidder)
  - Kopya ng valid ID/s ng bidder
  - Kopya ng napirmahan na Instruction to Bidder
  - Proof of income ng bidder (para sa Long Term Installment application)
  - Kopya ng Special Power of Attorney at valid IDs ng kanyang representative (kung kailangan) - HQP-AAF-119 (V01)
  - Secretary’s Certificate para sa mga company bidder - HQP-AAF-120 (V01).
4. Ang mga **bidder** ay maaring mag sumite ng kanyang **bid offer ng 1 beses lamang sa bawat isang property**. Ano man ang **kakulangan, mga pagbura o pagkaka iba-iba ng mga impormasyon sa inyong Offer to Bid forms at sa mga nabanggit na dokumento ay maaring magdulot ng pagka-diskwalipika ng inyong bid offer/s**. Kaya’t siguraduhing ito ay maayos at kumpleto na nakapaloob sa isang selyadong puting sobre o *mail envelope*.
5. **Huwag maglagay ng pera sa loob ng sobre.**
6. Ipadala ang inyong **Registration form at Bid Offer** na naka paloob sa magkahiwalay na selyadong puting sobre sa pamamagitan ng **Courier services** tulad ng Grab Express, Lalamove, Mr. Speedy, Toktok, etc. sa mga sumusunod na **Pag-IBIG Fund Offices**:

Branch	Address	Araw at Oras ng Submission of Bid Offer/s
Pag-IBIG NCR	Ground Floor (Parking Area) JELP Business Solutions Center, 409 Shaw Boulevard, Brgy. Addition Hills, Mandaluyong City	8:00 a.m. – 4:00 p.m. (October 03-07, 2022)
Dasmariñas, Cavite	Volets Commercial Building, E. Aguinaldo Hi-way, Dasmariñas, Cavite	8:00 a.m. – 4:00 p.m. (October 03-07, 2022)
San Pedro MSB	3/F Robinsons Galleria South, Km. 31 National Highway, Brgy. Nueva, San Pedro, Laguna	8:00 a.m. – 4:00 p.m. (October 03-07, 2022)

7. Ang bidder ang siyang babalikang para sa **service fee** ng inyong napiling courier services. Kailangan matanggap ng aming Marketing Officer ang inyong bid offer sa takdang oras at araw na nakasaad sa itaas at hindi na maaaring tanggapin ang inyong bid offer kung ito ay mahuli.

Lahat ay hinihikayat na sumunod sa ating *IATF health protocols* upang maiwasan ang pagkakaroon ng Covid-19 *virus* at ang pag lagapan nito.

Maraming Salamat po!